

Taon XL Blg. 6 Marso 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Katarungan para kay Rebelyn Pitao at lahat ng biktima ng pasistang pamamaslang!

■nilibing na si Rebelyn Pitao, anak ni Leoncio "Ka Parago" Pitao, pinuno ng ■1st Pulang Bagani Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao Region.

Pwersahang dinukot si Rebelyn noong gabi ng Marso 4 habang sakay ng traysikel sa Sityo Bago Aplaya, Barangay Bago Galleria, Davao City. Natagpuan kinabukasan ang kanyang bangkay na lulutang-lutang sa pinagtapunang kanal ng irigasyon sa Purok 5, Barangay San Isidro, Carmen, Davao del Norte. Bago tuluyang patayin, siya ay iqinapos, binusalan, qinahasa, pinagsasakal, pinagsasaksak ng ice pick at labis na pinagmalupi-JUSTICE FOR ALL VICTIMS OF

Walang duda na ang pagpaslang at kalapastanganang ginawa kay

tan.

Rebelyn ay bahagi ng maruming gerang isinusulong ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa ilalim ng Oplan Bantay Laya. Dahil hindi nito mahuli-huli ang mga gerilya at dahil sa sunud-sunod na pagkatalo ng

reaksyunaryong militar sa BHB, walang awang tinatarget ng AFP ang mga sibilyan. Lalo pa nito ngayong pinarurumi ang digmang isinusulong nito sa paqtatarget ng mga kapamilya ng mga rebolusyonaryo.

Maaalala na noong Hunyo 2008 ay pinatay ng mga sundalo ng AFP ang kapatid ni Ka Parago na si Danilo. Bago pa ito, muntik ding mapatay ng mga elemento ng death squad ng AFP ang panganay na anak ng Pulang kumander. Mahigpit ding minamanmanan ng mga ahenteng paniktik reaksyunaryong hukbo ang isa pang

> pang myembro ng pamilya ni Ka Parago. Partikular na tinatarget ng AFP si Ka Parago dahil sa sunud-su-

anak na babae at iba

nod nitong pagkatalo sa pakikipaglaban sa Pulang Bagani Command na kanyang pinamumunuan. Isinasagawa ng mga berdugong militar ang paniniil sa pamilya ni Ka Parago alinsunod sa atas ng kanilang mga naka-

Mga tampok sa isyung ito... Pagpaslang kay Rebelyn, umani ng pagkundena PAHINA 3 **Balikatan: Salot** sa kabuhayan

USTICE FOR REBELYN PITAO

EXTRAJUDICIAL KILLINGS!

PAHINA 5

Pakikibakang agraryo laban sa kroni ni Arroyo PAHINA 9 tataas na upisyal at bilang bahagi ng desperadong kampanyang wasakin ang determinasyon niya at ng mga Pulang mandirigma ng BHB na isulong ang rebolusyong bayan.

Kasabay na tinatarget ng pasistang hukbo ang pinaniniwalaang baseng masa ng 1st Pulang Bagani Command sa Paquibato District, Davao City. Ilang buwan nang nakararanas ng napakatinding kalupitan ng AFP ang mga sibilyan dito. Di lamang iilang magsasaka ang binugbog at naging biktima ng iba pang pang-aabuso sa kamay ng pasistang militar. Kamakailan lamang ay pinaslang ang isang lider-masang nangunguna sa paglaban sa karahasang militar sa Paquibato.

Abot-langit ang galit at pagkundena ng mamamayang Pilipino at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa bansa sa karima-rimarim na pagpaslang kay Rebelyn. Iniatas na ng Partido Komunista ng Pilipinas sa BHB na arestuhin ang mga natukoy na responsable sa pagdukot, paggahasa, pagtortyur at pagpatay sa kanya.

Batay sa panimulang imbestigasyon, umaabot sa 11 operatibang paniktik ng AFP ang sangkot sa pagpatay kay Rebelyn. Inipon ang mga operatibang ito mula sa iba't ibang yunit ng AFP, patunay na hindi lamang inisyatiba ng mga lokal na pwersa ng AFP ang krimen. Isa itong proyektong kinoordina mula sa mataas na kumand ng pasistang militar. Hindi maaaring magmaang-maangan ang rehimeng Arroyo at ang AFP sa kanilang responsibilidad sa krimeng ito.

Sa katuus-tuusan, ang pinakaresponsable sa brutal na pagpatay kay Rebelyn ay sina Gloria Arroyo at kanyang mga pasistang berdugo sa pangunguna ni Executive Secretary Eduardo Ermita. Tahasang pagmamaliit sa katalinuhan ng mamamayan ang pagpipilit ng rehimen at ng pasistang militar nito na wala silang kinalaman sa pagpaslang kay Rebelyn.

Hungkag ang palabas ng Malacañang at ng AFP na paiimbestigahan umano ang pagpatay kay Rebelyn. Papaanong magiging sinsero ang rehimeng Arroyo na kamtin ang hustisya para kay Rebelyn gayong si Gloria Arroyo mismo ang naghawan ng daan at nang-uudyok na maganap ang ganitong mga krimen sa takbo ng kontra-rebolusyonaryong digmang kanyang isinusulong? Ang kanyang pagpuri at pag-

bibigay ng promosyon at pabuya sa kanyang pinakapasista at pinakaberdugong mga heneral ay tahasang paghikayat sa AFP na isagawa ang gayong mga karumal-dumal na krimen.

Pinatitingkad lamang ng pagkakapaslang kay Rebelyn ang di na mabilang na mga pasistang krimen ng reaksyunaryong papet na rehimen laban sa mamamayang Pilipino. Tampok dito ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang at iba pang pandarahas sa mga sibilyang itinuturing nitong mga kombatant sa nagaganap na gera sibil.

Sa pagtarget nito ng mga sibilyan, muling ipinakikita ng rehimeng Arroyo ang sukdulang karuwagan nito at lubos na kawalan ng moral na batayang mamuno.

Kabi-kabila ang pagkundenang inaani ng AFP at rehimeng Arroyo sa brutal na pagkamatay ni Rebelyn. Ibayo ngayong nahihiwalay ang malupit na rehimen at ang berdugong militar nito.

Nailibing na si Rebelyn pero hindi kailanman mamamatay ang tatag at determinasyon ni Ka Parago, ng Bagong Hukbong Bayan, ng buong rebolusyonaryong kilusan at ng sambayanang Pilipino na isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka. Determinado ang mga rebolusyonaryong pwersa na tugisin ang mga salarin, litisin at parusahan ang mga kriminal na pasistang berdugong pumatay kay Rebelyn.

Pinapupula at pinag-aalab ng dugo nina Rebelyn, ng mga martir ng rebolusyon at mga inosenteng biktima ng maruming digma ni Arroyo ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ang kanilang alaala ang ibayo pang magpapatibay sa determinasyon ng rebolusyonaryong kilusan na ibagsak ang berdugong rehimeng Arroyo, isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka hanggang sa tagumpay at itatag ang isang lipunang may tunay na kalayaan, katarungan at kapayapaan.

*Bayan

Taon XL Blg. 6 Marso 21, 2009

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorval Katarungan para kay Rebelyn Pitao 1 Malawak na pagkundena sa pagpaslang kay Rebelyn 3 Protesta laban sa VFA at Balikatan 4 Nicole, biktima na naman 5 Balikatan: Salot sa buhay at kabuhayan 5 Araw ng kababaihan Pananalanta ng pasistang estado 7 Sampung sibilyan, pinatay ng militar Mga eskwelahan atbp., kinakampuhan 8 Mga aksyong militar ng BHB 8 Pakikibakang agraryo laban sa kroni q ni Arroyo Sino ang nasa likod ng SLAC? 10 Balita 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pagpaslang kay Rebelyn Pitao, umaani ng malawakang pagkundena

Tmabot sa 5,000 katao ang lumahok sa libing ni Rebelyn Pitao noong Marso 14. Nag-uumapaw ang kanilang lungkot at galit habang nagmamartsa sa mga pangunahing lansangan ng Davao City. Marami sa mga dumalo ay nanggaling pa sa mga prubinsya ng Davao Oriental, Davao del Sur, Davao del Norte at North Cotabato.

Isa sa mga nakipaglibing si Davao City Mayor Rodrigo Duterte, na nagpahayag kamakailan na pormal nang pinuputol ng pamahalaang lunsod ang suporta nito sa kampanya ng Armed Forces of the Philippines laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Paquibato District. Aniya, ito ay dahil ang mga tinatarget ng militar sa kanilang kampanya ay mga sibilyan. Ang Paquibato District ang kinikilusan ng yunit ng BHB na pinamumunuan ng ama ni Rebelyn.

Umani ng malawakang pagkundena kapwa sa loob at labas ng bansa ang karumal-dumal na krimen na ginawa ng mga pasistang militar kay Rebelyn.

Hindi sukat-akalain ng pasistang kaaway na aapaw ang galit ng mamamayan nang dukutin at paslangin nila si Rebelyn, dalagang anak ni Leoncio Pitao (o Ka Parago) ng 1st Pulang Bagani Command. Isang araw lamang makaraang maibalita ang karumal-dumal na krimen ay naglipana ang mga poster sa mga kalsada ng Davao City na mariing tumutuligsa sa mga armadong galamay ng rehimeng US-Arroyo.

Nang gunitain nito ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis nitong Marso 8, tinawag ng GABRIELA na mapait na regalo ni Gloria Arroyo sa kababaihan ang pagpatay kay Rebelyn. Gayunman, sinabi rin ng GABRIELA na hindi titigil ang kababaihan sa paghahanap ng katarungan para sa mga biktima ng pang-aabusong sekswal tulad niya.

Noon namang Marso 10 ay nagtipon sa Welcome Rotunda sa Quezon City ang ilampung guro na mga kasapi ng Alliance of Concerned Teachers (ACT). Hiniling ng mga guro na bigyang-katarungan ang kamatayan ng kapwa nilang guro na si Rebelyn, na limang buwan nang nagtuturo sa St. Peter's College sa Toril, Davao City nang siya ay dukutin. Ayon sa ACT, maliban kay Rebelyn, 10 guro na ang nagiging biktima ng pampulitikang pamamaslang at pagdukot ng mga ahenteng militar mula nang maluklok sa poder si Arroyo noong 2001.

Iginigiit naman sa Kongreso nina Rep. Satur Ocampo at Rep. Teddy Casiño ng Bayan Muna, Rep. Liza Maza at Rep. Luz Ilagan ng Gabriela Women's Party at Rep. Rafael Mariano ng Anakpawis ang agarang pag-imbestiga sa naturang kaso. Sa Senado, sinabi ni Sen. Francis Escudero, pinuno ng Senate Committee on Justice and Human Rights na dapat arestuhin na ang natukoy na mga salarin.

Ayon naman kay Ambassador Alistair MacDonald ng European Delegation to the Philippines, nagpasa ng isang resolusyon noong Marso 12 ang European Parliament na nananawagan sa gubyernong Arroyo na itigil na ang mga pagdukot at ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa at imbestigahan na



ang mga ito. Sinabi ito ni MacDonald nang dumalo siya sa pagpapasinaya ng ASEAN Human Rights Institutions Website Forum nitong Marso 16 sa upisina ng Commission on Human Rights sa Quezon City.

Ani MacDonald, nalulungkot ang internasyunal na komunidad dahil ang pagpatay kay Rebelyn ay nasundan pa ng pagpaslang sa aktibistang kontra-mina na si Eleazer Billienas at pagtatangka sa buhay ng mamamahayag na si Nilo Labares. Ilang araw lamang ang pagitan ng mga kasong ito, na lahat ay naganap sa Mindanao. Bunsod ng mga patuloy na pagpatay at pagdukot sa mga aktibista, unyonista, mamamahayag at lider-relihiyoso sa bansa, lalong naging negatibo ang larawan ng Pilipinas sa internasyunal na komunidad, ayon kay MacDonald.

Noong Marso 12 din ay mariing kinundena ng Amnesty International ang brutal na pagpatay kay Rebelyn. Iginiit naman ng Auckland Philippines Solidarity, isang organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao na nakabase sa New Zealand, na dapat nang itigil ng mga gubyerno ng New Zealand, Australia, European Union at US ang pagbibigay-ayuda sa pulisya at militar ng Pilipinas.

Protesta laban sa VFA at Balikatan, lumalawak

Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), inilunsad nitong Marso 17 ang Junk VFA Movement (JVM) upang ibayong paigtingin ang kampanya para ibasura ang Visiting Forces Agreement (VFA). Binubuo ang kilusang ito ng mga progresibong grupo, senador, kongresista, abugado at mga kilalang personahe. Iginigiit din nila ang pagpapalayas ng mga tropang Amerikano mula sa iba't ibang bahagi ng bansa at ang pagpapatigil ng ayudang militar at pulitikal ng US sa rehimeng Arroyo.

Inilunsad ang JVM isang araw matapos ianunsyo ng Malacañang na nagkausap sa telepono sina Gloria Arroyo at President Barack Obama ng US kung saan pinagkasunduan daw nila na ipagtanggol ang VFA sa kabila ng lumalawak na panawagang ibasura na ito. Binatikos ng JVM si Obama sa kanyang paggigiit na patatagin pa ang VFA at ipagpatuloy ang iba pang mga patakaran ng panghihimasok ni dating presidenteng George W. Bush.

Tuluy-tuloy ang mga protesta. Noong Marso 8, bilang paggunita sa pandaigdigang araw ng mga manggagawang kababaihan, mahigit 10,000 raliyista ang nagtungo sa Mendiola upang tutulan ang tagibang na relasyon ng Pilipinas at US. Iginiit din nila na dapat nang ibalik si Smith sa kustodiya ng Pilipinas. (Tingnan ang kaugnay na artikulo.)

Nauna nang nanawagan ang Gabriela Women's Party na ikansela ang Balikatan at ibasura na ang VFA. Upang bigyang-diin ang kanilang panawagan, inihapag ni Rep. Luz Ilagan ang mga kalabisan at pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano sa Mindanao kung saan naunang inilunsad ang Balikatan Karamihan sa mga kasong ito ay hindi pa nareresolba at ang ang iba ay di man lamang naimbestigahan.

Si Arsid Baharun ng Zamboanga City ay isa sa mga nasugatan at napilay sa walang pakundangang misyon ng mga sundalong Amerikano noong 2004. Noon namang 2006, nagtamo ng sugat si Bizma Juhan sa pambobomba na ginawa ng mga tropang Amerikano bilang bahagi ng kanilang pagsasanay-militar sa Indanan, Sulu.

Noong 2002, iligal na sumama sa operasyong militar ng AFP sa Tuburan, Basilan ang isang sundalong Amerikano para arestuhin si Buyongbuyong Isnijal, na pinarara-

tangang myembro ng Abu Sayyaf.
Basta na lamang pinaputukan ng sundalong Amerikano si Isnijal.

Marami pang mga katulad na karahasang isinagawa o nilahukan ng mga sundalong Amerikano laban sa mga sibilyan.

Ang Balikatan exercises sa Bicol ay binatikos sa House Resolution (HR) 985 na inihapag sa Kongreso noong Pebrero 4. Binigyang-pansin nito ang pagdami ng kaso ng abuso sa karapatang-tao at sa kababaihan. Nakasaad rin sa resolusyon na gagamitin lamang ang Balikatan bilang panabing sa binabalak na sarbey upang tuklasin ang nakatagong likas na yaman sa rehiyon. Sinundan ito ng HR 417 hinggil sa lansakang paghamak sa soberanya ng Pilipinas at konstitusyon. Tinukoy dito ang pagbasura sa kaso ng biktima ng panggagahasa na si "Hazel" sa korte ng militar ng US sa Okinawa, Japan at sa korte mismo ng US at ang pagtanggi ng gubyernong US na isuko ang kustodiya kay Smith na nahatulan nang mabilanggo noon pang 2006.

Nitong Marso 11, itinatag ang isang alyansa sa Bicol na tinawag na Women's Movement Against Balikatan o WOMB. Sinisimbulo ng WOMB ang mapagkalingang katangian ng kababaihan na handang ibigay ang lahat para protektahan ang kanilang mga anak laban sa anumang kapahamakan.

Tinutukov ng WOMB ang isyu ng prostitusyon at droga na anito'v pinalalala ng presensya ng mga pwersa ng US sa rehiyon. Tinukoy nito ang 97 kaso ng panggagahasa at abusong sekswal na isinampa mula 1990 laban sa mga tropang Amerikano sa Subic at Clark, Pampanga. Labinlima sa mga biktima rito ay kabataan. Bukod pa rito ang 3,000 kaso ng abusong sekswal sa kababaihan at kabataan na isinampa mula 1980 hanggang 1988. Walang kahit isang nalutas sa mga kasong ito, at wala ni isang sundalong Amerikano ang naparusahan.

Noong Marso 6, tatlumpung mga ina, kasama ang kanilang mga anak ang naglunsad ng protesta laban sa VFA sa Maynila.

Nicole, biktima na naman ng kawalang-katarungan

Binraso ng mga gubyernong Obama at Arroyo si Suzette Nicolas, ang Pilipinang ginahasa ng isang sundalong Amerikano sa Subic, Olongapo City noong Nobyembre 2006, upang bawiin ang nauna niyang mga akusasyon laban sa sundalo. Inianunsyo ito noong Marso 17 ni Atty. Evalyn Ursua, naging abugado ni Nicolas, mas kilala bilang "Nicole." Ang balita ay lumabas kasabay ng paglulunsad ng Junk the VFA Movement, kung saan isa sa mga organisador si Ursua.

Sa kanyang panibagong pahayag, sinabi ni Nicolas na hindi na siya nakatitiyak ngayon kung kusang-loob siyang nakipagtalik kay Lance Corporal Daniel Smith o pinwersa siya nito. Si Smith ang sundalong Amerikanong nahatulang gumahasa sa kanya. Pinahina ng panibagong salaysay ni Nicolas ang kaso laban kay Smith. Ginagamit ngayon ng gubyerno ng US at rehimeng Arroyo ang pagatras ni Nicolas para pawalangsaysay ang lumalawak na panawagang ibasura ang Visiting Forces Agreement (VFA). Ang kasong panggagahasa ng isang sundalong Amerikano sa isang Pilipina at ang pagtanggi ng US na makulong sa bilangguang nasa awtoridad ng Pi-

lipinas ang maysalang sundalo ang nagsilbing isa sa pinakamaiinit na isyu sa likod ng kasalukuyang pagigting ng panawagan ng mamamayang Pilipino na ibasura ang VFA.

Sinakyan ng rehimeng Obama ang desperasyon ni Arroyo na mapansin siya ng bagong presidente ng US. Pero bago paunlakan ni Obama ang kagustuhan ng nagpapapansing tuta na matawagan man lamang siya sa telepono, tiniyak muna ng US na natupad ng rehimeng Arroyo ang lahat ng kinakailangang hakbang para mapanatili ang VFA at maibsan ang init ng mga isyu laban dito.

Noong Marso 12, sabay-sabay na pinalagdaan kay Nicole ang tatlong dokumento: ang una'y nagsasaad na pinuputol na niya ang pagaabuqado para sa kanya si Ursua,

Salot sa buhay at kabuhayan

Perwisyo sa buhay at kabuhayan ng mamamayan sa Bikol ang mga operasyong militar na inilulunsad ngayon bilang bahagi ng paghahanda para sa pagpasok ng mga tropang Amerikanong lalahok sa Balikatan *exercises* rehiyon sa darating na Abril. Ito ang iniulat ng Ban Balikatan, isang rehiyunal na alyansa laban sa Balikatan sa Bicol.

Isa sa pinakamatitinding inooperasyon ngayon ang prubinsya ng Albay. Ipinwesto na ang 49th IB sa Barangay San Francisco, Legazpi City bilang pwersang panseguridad para sa Balikatan.

Apektado na ang kabuhayan ng mga magsasaka rito dahil hindi na sila makapagtrabaho sa bukid. Nangangamba silang bubweltahan ng mga nag-ooperasyong sundalo.

Tumitindi rin ang militarisasyon sa mga komunidad sa Albay kung saan nakatalaga ang Special Operations Team ng 901st IB. Dagdag sa ipinatutupad na *curfew*,

nagpapatawag din ng mga pulong barangay ang militar upang pagbawalan ang mga residente na lumahok sa mga pagkilos laban sa Balikatan. Mahigit 50 barangay ang sinasakop ng pananakot ng mga espesyal na pwersa.

Pinatawag din ng 901st IB ang lahat ng kapitan ng barangay sa bayan ng Sto. Domingo.

Binansagan ng militar ang mga ito bilang "hot spots" dahil sa presensya diumano ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar.

Sa Tabaco City, dinagsa ng mga tropang militar ang mga barangay ng Baranghawon, Bongabong, San Roque, Quinastillohan, Bantayan at Tabiguian. Nagtayo na rin ng detatsment ng militar sa Barangay Salvacion, bagay na nagdudulot ng pangamba sa mga residente rito.

Sapilitan namang pinadadalo sa mga pulong-pulong ng militar ang mga residente ng bayan ng Tiwi. Mantinido rin ang presensya ng mga tropa ng militar sa mga baybaying barangay ng mga bayan ng Malinao, Malilipot, Bacacay at Manito.

Di pa nakuntento, ipatutupad ngayon ang pagbabawal na mangisda sa lugar bilang hakbang panseguridad sa mga pantalan na pagdadaungan ng mga barkong pandigma ng US. Dagdag ng Ban Balikatan, hindi pa man dumadaong ang mga barko ng tropang US, ramdam na ng mga mangingisda ang gutom at panganib.

Nitong Marso 3, nagprotesta ang mga militanteng grupo sa harap ng Department of Agriculture sa Quezon City upang ilantad at tutulan ang siyam na oras na curfew na sinimulang ipatupad noong Pebrero 23 sa mga baybaying bayan ng Tiwi, Tabaco at Malilipot at ang balak ipatupad ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources anim na buwang fishing ban simula Abril 16. Ayon kay Fernando Hicap ng Pamalakaya, malinaw itong pagpatay sa hanapbuhay ng mga mangingisda sa ngalan ng RP-US Balikatan exercises at VFA.

na siyang tumulong sa kanya nang litisin si Smith; ang ikalawa'y pagpapatunay na tumanggap siya ng P100,000 danyos para sa mga kapinsalaang nagawa sa kanya ni Smith at inililibre na niya ang sundalo sa anupamang kasong sibil na maisasampa rito; at ang ikatlo'y nagbibigay-puwang na maaaring nagkamali siya na akusahan si Smith ng panggagahasa noong 2006. Tinawagan ni Obama si Arroyo makaraang "maisaayos" ito.

Marami ang nagdududa kung kusang-loob nga bang ginawa itong lahat ni Nicolas. Noong Pebrero 26 lamang ay kasama pa siya sa mga nagsampa ng petisyon sa Korte Suprema para pag-aralang muli ang naunang desisyon ng korte na nagpapatibay sa VFA. Natuklasan din na ang naghanda ng tatlong dokumentong nilagdaan sa Makati City ni Nicolas ay abugado sa ilalim ng Sycip, Salazar, Hernandez and Gatmaitan, ang law firm na inupahan ng US para hawakan ang kaso ni Smith. Kaagad pinalipad si Nicolas patungong US kung saan ginawa na siyang "permanenteng" residente. Malayo na siya sa midya at kanyang mga abugado at tagasuporta, at di na makukunan ng tunay niyang panig.

Ngayong binawi na umano ni Nicole ang kanyang unang mga salaysay, sige na ang paninira sa kanya ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo sa pangunguna ni Justice Secretary Raul Gonzalez. Pinalalabas ng mga ito na pera lamang at ang pagkakataong makapunta sa US ang habol ni Nicole. Nangangantyaw pa si Gonzales na pwedeng kasuhan ngayon si Nicole ng pagsisinungaling sa korte.

Tatlong beses nang nabibiktima si Nicole: una, nang siya ay gaha-

sain ni Smith; ikalawa, nang magkutsaba ang mga qubyerno ng US at Pilipinas para sikretong ilipat si Smith mula sa Makati City Jail tungong US Embassy; at ikatlo, ngayong pilit na ipinalilibing sa limot ng US at Malacañang ang kasong pangqaqahasa sa kanya para idiskaril ang mga pagsisikap ng mga progresi-

bo at patriyotikong pwersa na ibasura ang VFA.

Pinatingkad ng "Subic rape

case" ang pagiging makaisang-panig, interbensyunista, mapagmaliit at mapanupil sa mga Pilipino ng VFA, laluna sa aroganteng pagtanggi ng US na pagsilbihan ni Smith ang kanyang sentensya sa isang kulungan ng Pilipinas.

Subalit hindi natatapos kay Nicolas ang pakikibaka para matamo ang katarungan para sa lahat ng mga biktima ng panggagahasa

at iba pang krimen ng mga militar ng US sa mga Pilipino. Ani Ursua, "Si Nicole ay sinumang Pilipinang bik-

tima ng panggagahasa

ng mga sundalong
Amerikano, noon
man o sa hinaharap." Dagdag
niya, sa hinaharap ay maaaring
may lumitaw
na namang
bagong Nicole,
kaya dapat ipagpatuloy ang pakikibaka laban sa VFA
at sa presensya
ng mga tropa
ng US.

Ang pagpapatahimik kay Nicole ay dagdag
na dahilan para patuloy at higit
pang ipursige ang paglaban ng mamamayang Pilipino sa VFA at lahat
ng iba pang makaisang-panig, di
pantay, interbensyunista at mapanupil na mga tratado at relasyon ng
Pilipinas sa US.

Mga kababaihan, nagmartsa para sa trabaho

TRABAHO at pantay na relasyon sa pagitan ng US at Pilipinas ang iginiit ng may 10,000 kababaihang nagmartsa patungo sa Mendiola noong Marso 8, Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis. Pinamunuan ang martsa ng GABRIELA na nagdiriwang ng ika-25 taong anibersaryo nito. Dala ang mga bandilang lila, puti at pula, mariin din nilang kinundena ang mga pang-aabuso sa mga karapatan ng kababaihan at ang lumalaking disempleyo sa hanay ng kababaihang manggagawa.

Iginiit ng kababaihan na bigyan ng tulong ang mga asawa ng mga manggagawa at mga ina na nasibak sa trabaho bunga ng krisis sa pinansya. Anila, sa bawat 100 manggagawa na nasisisante rito sa Pilipinas at sa ibayong dagat, 70 hanggang 80 ay kababaihan.

Isinigaw din ng kababaihan ang pagbasura sa Visiting Forces

Agreement. Kinundena nila ang mga pang-aabuso ng mga sundalong Amerikano sa kababaihang Pilipino.

Nagmula pa sa iba't ibang lugar ang mga demonstrador—Metro Manila, Laguna, Bicol, Baguio, Bacolod City, Iloilo City, Roxas City, General Santos City, Davao City at ang iba'y mula pa sa ibang bansa tulad ng US, Hong Kong, Australia, Japan at Italy.

Naglunsad rin ng rali sa New York City, USA ang mahigit 100 kababaihan at kalalakihan.



10 sibilyan, pinatay ng mga pasistang militar

ampung sibilyan ang pinaslang ng mga pasistang militar sa loob lamang ng isang linggo. Kinabibilangan ito ng isang kilalang lider masa sa Far South Mindanao, walong residente ng isang barangay sa Davao Oriental at isang mangingisda sa Camarines Sur. Lima namang aktibistang minoryang antimina sa Surigao del Norte ang dinukot at hindi pa natatagpuan.

Marso 9. Pinaslang ng dalawang nakamotorsiklong berdugo ng 27th IB si Eleazer "Boy" Billianes, 47, isang lider ng alyansang lumalaban sa imperyalistang pagmimina sa bansa laluna sa Mindanao. Alas-4 ng hapon nang barilin si Billianes habang nakasakay siya sa kanyang

motorsiklo sa tapat ng palengke sa Osmeña Street, Koronadal City na 100 metro lamang ang layo sa city hall. Nakamaskara ang mga salaring pumaslang sa kanya. Bago patayin si Billianes, makailang beses siyang nakatanggap ng pagbabanta sa kanyang buhay dahil sa kanyang pakikibaka.

Si Billianes na taga-Marbel, Koronadal City ay upisyal ng Farmers Association of South Cotabato, tagapagsalita ng South Cotabato Peoples' Alliance for Nationalism and Democracy (Socpand) at kasapi ng Bayan Muna. Tagapangulo rin siya ng Socssargends Alliance for Genuine Development (Socssargends AGENDA), isang rehiyunal na alyansa sa Far South Mindanao Region na lumalaban sa proyekto ng Tampakan Copper-Gold sa South Cotabato. Dalawang dekada na siyang lumalaban para sa kapakanan ng kalikasan, para sa lupang ninuno ng mga pambansang minoryang B'laan at para sa mga karapatan at kapakanan ng mamamayan sa Far South Mindanao.

> Kakutsaba nq 27th IB and mga lokal na gubyerno ng Kiblawan, Davao del Sur; Tampakan, South Cotabato; at Columbio, Sultan Kudarat sa ilalim ng Task Force Kitaco at ang multinasyu-

nal na kumpanyang Xstrata-SMI sa pamamaslang.

Marso 8. Walong sibilyan, kabilang ang isang tatlong taong gulang na bata ang napatay matapos bombahin ng mga eroplanong OV-10 ang Barangay Batiano sa Baganga, Davao Oriental.

Kabilang sa mga napatay sina Edna Caqutom, 3, at si Merly Pakidungan, 38. May iba pang nasugatan sanhi ng pambobomba. Ang walang pakundangang pambobomba ay bahagi ng operasyong pagtuqis at qanting-atake ng militar matapos mapatay ang tatlong sundalo sa sagupaang naganap noong madaling araw.

Noong araw ding iyon ay binaril ng mga elemento ng 42nd IB ng Philippine Army si Paciano Bables, isang magsasaka, sa Barangay Del Carmen, Lagonoy, Camarines Sur. Alas-3 ng umaga nang barilin si Bables ng mga elemento ng PA at CAFGU na kabilang sa Reengineered Special Operations Team (RSOT) ng 42nd IB. Matapos barilin ay tinamnan ng gawa-gawang ebidensya si Bables upang palabasing nangagaw siya ng baril, nanlaban at myembro umano ng BHB. Kinunan ng larawan ang bangkay ni Bables na may hawak na baril upang bigyang-katwiran ang pamamaslang.

Marso 3. Tatlong unipormadong sundalo ang pumunta sa upisina ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) sa Bulalacao, Mankayan, Benquet. Upisina rin ito nq MAQUI-TACDG at APIT-TAKO, mga lokal na tsapter ng CPA. Pilit pinabubuksan ng tatlo sa isang myembro ng lokal na tsapter ng CPA ang pinto ng upisina. Tumanggi siya.

Ang MAQUITACDG at APIT-TAKO ay malaon nang nakikipaglaban para sa mga karapatan ng pambansang minoryang magsasaka sa Mankayan, sa kalapit na bayan ng Tadian sa Mt. Province at sa kanugnog na bahagi ng Ilocos Sur. Nilalabanan din nila ang malawakang pagmimina sa lugar.

Bilang bahagi ng harasment nito, nag-umpisa nang magsagawa ng sarbey ang militar sa Bulalacao at kunwang nagtatanung-tanong kung anu-anong maliliit na proyekto ang kailangan ng barangay. Sa Licuan, Abra naman, nakakampo sa mga bahay ang militar na nagkokondukta ng sarbey. Pinatatagal nila ang kanilang presensya na nagdudulot ng pangamba sa mamama-

Enero 29 hanggang sa kasalukuvan. Nawawala pa rin ang limang minoryang Mamanwa na pinaghihinalaang dinukot noong Enero 29, ang unang araw ng protesta ng kanilang komunidad laban sa malakihang pagmimina. Binarikadahan ng may 400 Mamanwa ang mga kalsada sa Barangay Taganito, Claver, Surigao del Norte na naguuqnay ng apat na malalaking mi-

J.

nahan sa lokal na daungan ng barko. Umalis lamang ang limang Mamanwa para maghanap ng makakain para sa mga nagbabarikada matapos silang tumulong sa paggawa ng mga toldang pansamantalang masisilungan ng mga nagpoprotesta. Mula noon ay hindi na sila muling nakita ng kanilang mga kasamahan.

Mga simbahan, eskwelahan kinakampuhan ng AFP

Nabunyag sa isang pagdinig na isinagawa ng House Committee on Human Rights sa Baguio City nitong Marso 19 na laganap ang pagkakampo ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines sa mga pasilidad ng mga sibilyan sa Northern Luzon.


Ayon sa mga tumestigo sa pagdinig, kadalasang kinakampuhan ng mga nag-ooperasyong militar ang mga eskwelahan, day care center, barangay center at maging mga simbahan. Isinumbong ito ng mga tumestigong residente ng Mountain Province, Abra, Benguet, Kalinga at mga prubinsya sa rehiyon ng Ilocos. Sinabi rin ng mga testigo na sapilitang pinaaalis ang mga tagabaryo at upisyal ng barangay para magamit ng mga sundalo ang gayong mga pasilidad.

Inireklamo ng mga tumestigo na kadalasan din silang binabansagang mga tagasuporta ng mga komunista. Pinipigilan din ang mga magsasaka na magtrabaho sa kanilang mga bukid para mahawan ang lugar para sa *aerial bombing*.

Iniulat din sa komite ang 16 na kaso ng pang-aabusong militar sa rehiyon, kabilang ang pagdukot, harasment, pambubugbog, surbeylans at *hamletting*.

Mga aksyong militar ng BHB

 $\mathbf{I}^{\text{ba't}}$ ibang aksyong militar ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong ikalawang linggo ng Marso.



Marso 14. Isang sundalo ng 1st Special Forces Battalion ang napatay at isa pa ang nasugatan nang tangkain nilang kubkubin ang pansamantalang himpilan ng BHB sa Barangay Remedios 2, Mauban, Quezon. Ang naturang yunit ay nasa ilalim ng 2nd IDPA.

Marso 12. Nasugatan ang 14 na mga armadong galamay ng gubyernong Arroyo kabilang ang 12 pulis at dalawang paramilitar sa dalawang magkahiwalay na taktikal na opensibang inilunsad ng Jose Rapsing Command ng BHB-Masbate.

Nangyari ang unang sagupaan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang 14-kataong tropa ng 506th PNP Provincial Mobile Group bandang alas-11:45 ng umaga sa Barangay Pinamangkaan, Mandaon, Masbate. Pito sa mga pulis ang nasugatan kabilang ang kanilang lider na si Chief Insp. Ronald Fulo.

Nadagdagan pa ang bilang ng mga sugatan nang magtangkang sumaklolo ang mga pulis mula sa kalapit na bayan ng Balud. Ngunit bago sila makarating sa lugar ng labanan ay inambus na sila sa Barangay Paguiran kung saan nasugatan ang hepe ng pulisya kasama ang apat pa nitong pulis at dalawang elemento ng 202nd CAA.

Sakay ng helikopter, dinala ang mga sugatan sa Masbate Provincial Hospital at ang mga malubha naman ay sa Legazpi City.

Marso 11. Hinaras ng isang yunit ng BHB ang isang detatsment ng PNP Regional Mobile Group alas-7:20 ng gabi sa Barangay Taysan, Legazpi City. Nakapusisyon ang mga gerilyang pwersa mga 20 metro ang layo sa barangay hall na ginagawang detatsment ng mga pulis. Sa kanilang takot ay hindi na nakapanlaban ang nagulantang na mga pulis.

Marso 9. Tatlong sundalo at isang elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) ang napatay sa sagupaan ng mga gerilyang pwersa ng BHB at mga tropang militar ng 67th IB sa Baganga, Davao Oriental bandang alas-4:30 ng madaling araw. Nasamsam ng BHB ang isang ripleng M16, radyong pangkomunikasyon at iba pang kagamitang militar.

Naglulunsad ng mga clearing operation ang militar para maisa-katuparan ang konstruksyon ng kalsada mula Mati, Davao Oriental hanggang Lingig, Surigao del Sur. Mariing tinututulan ng mga residente ng magkakanugnog na mga bayan ng Baganga, Cateel at Boston ang naturang proyekto ng gubyerno dahil mga multinasyunal na korporasyon, mga plantasyon at kumpanya ng pagmimina lamang ang makikinabang dito. ME

Pakikibakang agraryo laban sa kroni ni Arroyo

Patuloy ang pakikibaka ng mga kasamá at manggagawang bukid ng SL Agritech Corporation (SLAC) laban sa mapagsamantalang pamamalakad ng SLAC. Ito ay sa kabila ng mga maniobra ng korporasyon upang ipagkait ang kahilingan ng mga magsasaka at manggagawa at idiskaril ang kanilang pakikibaka. Ang SLAC ay isang malaking agro-korporasyong nagbebenta ng mga binhi. Pagmamay-ari ito ni Henry Lim, malapit na kroni ni Gloria Arroyo. Mayroon itong 593-ektaryang seed farm (taniman ng punla) sa Banaybanay at Lupon, Davao Oriental.

Noong Hunyo 11, 2008, nagpiket ang 300 kasamá sa tapat ng upisina ng SLAC sa Lupon. Layunin ng kanilang aksyong protesta na tutulan ang plano ng maneydsment ng SLAC na baguhin ang relasyon ng pagtatrabaho mula sa sistemang kasamá at partehan tungo sa sistemang sahuran. Iginiit din ng mga nagpoprotesta na itaas ang sahod ng mga kontraktwal na manggagawang bukid mula ₱80 tungong ₱200 bawat araw.

Umabot nang limang araw ang piket sa kabila ng matinding harasment at pananakot ng mga gwardya ng SLAC at pulisya ng Lupon. Kalaunan ay napilitang harapin ng maneydsment ang mga nagpipiket. Matapos ang matagal na negosasyon at debate ay iniatras ng maneydsment ang plano nitong gawing sahurang mga manggagawa ang mga kasamá.

Itinayo ang seed farm ng SLAC sa Banaybanay noong Setyembre 2006. Pumayag ang iba't ibang lokal na panginoong maylupa na paupahan sa SLAC ang kanilang mga palayan sa halagang ₱25,000

bawat ektarya bawat taon sa kundisyong hindi palalayasin ang kanilang mga kasamá.

Sa ilalim ng SLAC, ang mga kasamá ay tinatawag nang mga "maintainer" bagamat ang kanilang mga gawain ay kapareho lamang ng dati. Inihahanda

nila ang punlaan, naglalagay ng pestisidyo sa mga binhi at nagku-kumpuni ng mga pilapil na nawa-wasak ng mga traktora. Ang mga nag-aasikaso sa irigasyon ng pala-yan ay tinatawag na "water management controller".

Batay sa napagkasunduan, tatanggap ang mga "maintainer" ng P4,500 bawat ektarya. Ibinatay ito sa umiiral na partehan sa sistemang kasamá sa nasabing lugar kung saan 15% ng kabuuang kita bawat ektarya ay mapupunta sa kasamá. Karaniwan, ang katumbas nito ay 15 sakong palay na nagkakahalaga ng P4,500 batay sa P7.50–P8.00 bawat kilo na presyong palay. Dahil karaniwan ay tatlong ektarya ang inaalagaan ng mga "maintainer", ang kabuu-

HYBRID LIGHT

ang bahagi nila ay dapat umaabot sa ₱13,500 bawat anihan. Sa halip na ibigay ito, nais ng maneydsment na bayaran lamang ng ₱80 bawat araw ang mga "maintainer". Bukod sa mababawasan nang mahigit ₱1,000 bawat anihan ang kanilang kita, pipigain nang husto ng SLAC ang kanilang oras at mawawalan na ng pagkakataon ang mga kasamá na makapag-"sideline" at magkaroon ng dagdag na kita.

Para naman makaiwas ang SLAC na magbigay ng mga benepisyo sa mga manggagawa, ipinatutupad ng SLAC ang sistemang kabo. Dito, may minamantini lamang na 26 na regular na empleyado. Ang mga ito ang nagsisilbing timlider na kumukuha at nagpapasweldo ng mga magtatrabaho. Ang mga timlider ang nakikipagtawaran sa maneydsment hinggil sa bayad bawat ektarya ng mga pakyawang trabaho, tulad halimbawa ng pagpapatanim.

Bagamat pakyawan ang sistema, babayaran ng arawang sahod na ₱80 ang mga magtatrabaho at ang lahat ng matitirang halaga ay mapupunta sa timlider, kahit na tagapangontrata lamang ang papel nila at hindi sila kasama sa aktwal na trabaho. Sa gayon ay hindi kinokonsidera ng SLAC na

mga manggagawa nila ang mga nagtatrabaho sa loob ng kanilang *seed farm* at nakaiiwas sila sa pagbibigay ng mga benepisyo.

Ilang buwan nang nakasalang sa Sangguniang Bayan ng Lupon ang petisyon na itaas sa P200 ang arawang bayad sa mga kontraktwal na manggagawa ng SLAC. Dahil sa tuluy-tuloy na pagkilos ng mga

manggagawa, unti-unti nang itinataas ng maneydsment ang arawang sahod kahit wala pang pirmadong kasunduan. Sa ngayon ay umaabot na ito sa ₱100 bawat araw.

Sino ang nasa likod ng SLAC?

Ang may-ari ng SLAC na si Henry Lim ay malapit kapwa kina Gloria Arroyo at Arthur Yap, kalihim ng Department of Agriculture (DA).

Nairehistro ang SLAC sa Securities and Exchange Commision (SEC) noong Enero 11, 2001 nang may panimulang kapital na P510,000.00 lamang. Bigla itong lumaki at agresibong lumawak ang operasyon sa loob at labas ng bansa sa panahon ng rehimeng Arroyo.

Noong Disyembre 2008 ay inaprubahan ni Arroyo ang aplikasyon nitong mailibre sa pagbabayad ng buwis sa loob ng walong taon batay sa malaki umano nitong potensyal na makapaglagak ng dagdag na kapital.

Ang SLAC ang numero uno na ngayong distribyutor ng *hybrid* na binhi sa buong bansa. Nag-eeksport din ito sa Malaysia, Singapore, Indonesia, Vietnam at Bangladesh. Naungusan na nito ang ibang mga dambuhalang agro-korporasyon tulad ng Bayer, HiRice at Monsanto kahit iilang taon pa lamang ito sa negosyong ito.

Si Henry Lim ay myembro rin ng governing council ng Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research and Development (PCARRD) ng DA at nagkaroon ng malaking papel sa pagbubuo ng konsepto ng GMA Rice Program ng rehimen.

Sa ilalim nito, tanging ang hybrid seed na SL-8 na produkto ng SLAC ang ipinamumudmod ng DA. May subsidyo itong P1,500 bawat sako mula sa DA, kaya P2,500 lamang ang ibinabayad ng mga magsasaka para sa sako ng binhi na nagkakahalaga ng P4,000.

Galit na galit ang mga magsasakang gumamit ng SL-8 nitong nagdaang taniman sa Nueva Ecija nang masyadong maagang mamulaklak ang mga binhi at bansot ang mga palay. Napilitan ang mga magsasaka na bunutin ito at bumili uli ng itatanim na binhi na nagresulta sa karagdagang gastusin.



11 milyong manggagawa sa Pilipinas ang walang trabaho

NOONG Enero, umabot na sa 4.3 milyong manggagawa ang wala o naghahanap ng trabaho at hindi 2.9 milyon la-

WAGANGY mang tulad ng upisyal na ulat ng rehimeng Arroyo. Dagdag ang mga

ito sa 6.2 milyong dati nang naiulat na wala o naghahanap ng trabaho noong nakaraang taon. Kung pagsasanibin, aabot sa 11.2% (katumbas ng halos 11 milyong manggagawa) ang tantos ng disem-

pleyo sa Pilipinas at hindi 7.7% tulad ng iniulat sa pinakahuling Labor Force Survey. Papatong pa rito ang mahigit 1.5 milyong bagong gradweyt ngayong buwan sa kolehiyo.

Ang tantos ng disempleyo sa Pilipinas ang isa sa pinakamataas sa buong Southeast Asia. Ito ay kahit 25% na ng kabuuang pwersa sa paggawa ay sa ibang bansa na nagtatrabaho.


Pinakamataas ang tantos ng disempleyo ngayon sa Metro Manila (14%) at Southern Tagalog (10.9%) dahil sa pagsasara o pagbabawas ng trabaho sa maraming kumpanyang nag-eeksport ng malamanupaktura, pangunahin na sa elektroniks, kasuotan at mwebles. Patuloy at papalala pa ang tanggalan sa trabaho sa iba't ibang sektor ng ekonomya sa bansa. Unti-unti na ring dumarami ang mga nasisisanteng migranteng manggagawang nagsisiuwian na sa Pilipinas.

15 milyon na ang walang trabaho sa US

LUMALAWAK at lumalala ang tanggalan sa trabaho sa US. Umaabot na sa 2.6 milyon ang nawalan ng trabaho mula Disyembre 2008 o 650,000 kada buwan—pinakamataas na sa US mula pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Umaabot na sa 5.1 milyon ang kabuuang bilang ng mga nawalan ng trabaho mula nang magsimula ang resesyon noong huling kwarto ng 2007.

Ayon sa mga upisyal na estadistika ng US, 13 milyon o 8.1% na ng kabuuang pwersa ng paggawa ang nakatalang walang trabaho. Aabot sa mahigit 15 milyon o 9.3% ang wa-

lang trabaho sa US kung bibilangin ang 2.1 milyong di na isinama sa pwersa ng paggawa dahil mahigit





go sa paghahanap ng trabaho. Malaking bilang din (8.6 milyon nitong Pebrero) ang mga manggagawang kulang sa trabaho. Tinatayang aabot sa mahigit 10% ang tantos ng disempleyo ngayong taon.

Samantala, ang pondong pansuporta para sa mga nawalan ng trabaho ay binawasan nang 11% hanggang 17% sa 18 estado sa US (kabilang ang 11 estadong may pinakamalalang disempleyo). Sa 12 pang estado, mantinido lamang ang ibinibigay na suportang sosyal.

Sa paglala ng krisis pangkabuhayan, kawalan ng trabaho at kawalan ng tulong ng gubyerno, dumarami na ang mga pumipila sa mga organisasyong pangkawanggawa na nagpapakain nang libre sa mga naghihirap na Amerikano. Dumarami ang nagpapalipas na lamang ng gabi sa mga lansangan at mga parke dahil napalayas na sila sa mga bahay na di na nila kayang bayaran laluna nang mawalan na sila ng trabaho.

Samantala, tinatayang umaabot na sa sangkatlo ng mamamayan ng daigdig ang wala o kulang sa trabaho.

Sa pagtaya ng International Labor Organization (ILO), 10 milyon na ang nawalan ng trabaho nitong nagdaang taon (o mahigit 190 milyon na sa kabuuan). Tinatayang madaragdagan pa ito ng 40 milyon ngayong taon. Bukod pa rito ang kalahating bilyon na kulang ang trabaho at di man lamang makaabot ang kita sa \$1 kada araw, na di hamak na mas mababa sa halagang kinakailangan para mabuhay nang disente ang kani-kanilang mga pamilya.

Sa kabuuan, umaabot na ngayon sa sangkatlo ng tatlong bilyong mamamayan ng daigdig ang wala o kulang sa trabaho. Ang mahigit 67% nito ay nasa Asia.

3 milyon, nagwelga sa France

TATLONG milyon ang nagprotesta sa mga lansangan sa mga syudad ng France simula Marso 19 para kundenahin ang kawalang-aksyon ng rehimeng Sarkozy sa paghihirap ng mamamayan.

Nagsimula ang welga sa pagtigil-pasada ng mga tren. Kasunod nito, nagsara ang mga eskwelahan, upisina, pabrika, ospital at iba pang transportasyon sa welgang bayan na pinamunuan ng iba't ibang unyon sa buong bansa.

Iginiit nila ang dagdag na sahod, pagtigil sa tanggalan ng trabaho sa gubyerno, seguridad sa empleyo at pagbawas sa personal na buwis.

Mariing kinundena ng mga unyon ang pagsalba ng gubyerno sa mga bangko habang nagugutom at naghihirap ang mga mamamayan.

Umaabot na sa dalawang milyon ang nawalan ng trabaho dahil sa resesyon at tinatayang madadagdagan pa ito bago matapos ang taon.

Nagtambak ang gubyerno ng maraming militar at pulis laluna sa Paris, kabisera ng France. Pinagbabatuta at binomba ng tubig at tirgas ang mga nagpoprotesta. Marami ang nahuli at ikinulong.

Mga manggagawa ng Lepanto Mining, nagpiket

Magpiket ang mga manggagawa ng Lepanto Consolidated Mining Company (LCMC) at mga tagasuporta nila sa tanggapan ng kumpanya sa Makati City noong Marso 3 para ireklamo ang hindi makatarungang pamamalakad ng LCMC at pagpapalawak ng operasyon ng pinakamalaking minahan ng ginto sa bansa.

Igiit din nila ang pagbasura sa Mining Act of 1995. Itinaon nila ang kanilang protesta sa anibersaryo ng pagsasabatas ng Mining Act.

Inorganisa ang piket-protestang ito ng Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP), isang pambansang alyansa ng mga organisasyon ng mga pambansang minorya. Nilahukan ito ng mga lider ng Lepanto Employees Union (LEU), mga kinatawan ng MACQUITACDG, APIT-TAKO-Mankayan, Tignayan dagiti Babbai iti Minasan a Lepanto (TBML), Cordillera Peoples Alliance (CPA), mga aktibistang makakalikasan at iba pang militanteng grupo. Anila, dapat tigilan na ng kumpanya ang pagwasak sa kapaligiran at kabuhayan ng mga Cordilleran.

Ayon kay Junibong Saldo, isa sa mga kinatawan ng LEU, dagdag sa mga pahirap na dulot ng Mining Act of 1995 ang humahagupit ngayong krisis sa pinansya sa mundo dahil binabawasan ng 10-15 araw ang kanilang pagtatrabaho. Masahol pa rito, hindi inireremit ng LCMC sa Social Security System, Philhealth at Pag-ibig ang mga kontribusyong kinakaltas sa kanilang mga sahod. Hindi pa rin ibinibigay ng kumpanya ang back wages ng mga manggagawa na naipanalo nila sa dati nilang welga.

Hindi nakaharap ng mga manggagawa ang mga upisyal ng minahan dahil isinara ang tarangkahan ng LCMC at hinarang ito ng mga pulis ng Makati.



Taon XL Blg. 6 Marso 21, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Katarungan para kay Rebelyn Pitao at lahat ng biktima ng pasistang pamamaslang!

Inilibing na si Rebelyn Pitao, anak ni Leoncio "Ka Parago" Pitao, pinuno ng 1st Pulang Bagani Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao Region.

Pwersahang dinukot si Rebelyn noong gabi ng Marso 4 habang sakay ng traysikel sa Sityo Bago Aplaya, Barangay Bago Galleria, Davao City. Natagpuan kinabukasan ang kanyang bangkay na lulutang-lutang sa pinagtapunang kanal ng irigasyon sa Purok 5, Barangay San Isidro, Carmen, Davao del Norte. Bago tuluyang patayin, siya ay iqinapos, binusalan, qinahasa, pinagsasakal, pinagsasaksak ng *ice pick* at labis na pinagmalupi-

Walang duda na ang pagpaslang at kalapastanganang ginawa kay

tan.

Rebelyn ay bahagi ng maruming gerang isinusulong ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa ilalim ng Oplan Bantay Laya. Dahil hindi nito mahuli-huli ang mga gerilya at dahil sa sunud-sunod na pagkatalo ng target ng AFP ang mga sibilyan.

Lalo pa nito ngayong pinarurumi

ang digmang isinusulong nito sa

pagtatarget ng mga kapamilya

ng mga rebolusyonaryo.

Maaalala na noong Hunyo 2008 ay pinatay ng mga sundalo ng AFP ang kapatid ni Ka Parago na si Danilo. Bago pa ito, muntik ding mapatay ng mga elemento ng death squad ng AFP ang panganay na anak ng Pulang kumander. Mahigpit ding minamanmanan ng mga ahenteng paniktik reaksyunaryong hukbo ang isa pang anak na babae at iba pang myembro ng pamilya ni Ka Parago.

> Partikular na tinatarget ng AFP si Ka Paraqo dahil sa sunud-su-

nod nitong pagkatalo sa pakikipaglaban sa Pulang Bagani Command na kanyang pinamumunuan. Isinasagawa ng mga berdugong militar ang paniniil sa pamilya ni Ka Parago alinsunod sa atas ng kanilang mga naka-

Mga tampok sa isyung ito...

Pagpaslang kay Rebelyn, umani ng pagkundena PAHINA 3 Balikatan: Salot sa kabuhayan

USTICE FOR REBELYN PITAO

JUSTICE FOR ALL VICTIMS OF

EXTRAJUDICIAL KILLINGS!

PAHINA 5

Pakikibakang agraryo laban sa kroni ni Arroyo PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*